# *Ang Buhay pagkatapos ng Kamatayan Yugto 1*
# *Ang Kaluluwa ng Tao*

***"23 At pakabanalin kayong lubos ng Dios din ng kapayapaan; at ang inyong espiritu at kaluluwa at katawan ay ingatang buo, na walang kapintasan sa pagparito ng ating Panginoong Jesucristo." (1 Tesalonica 5:23 KJV)***

Ayon sa ***1 Tesalonica 5:23*** ang tao ay binubuo ng tatlong bahagi :

1. Katawan, na naglalaman ng lahat ng mga pandama (paningin, pang-amoy, pandama, pandinig), ang mga organo (puso, baga, bato, tiyan atbp) at ang iba't ibang bahagi ng katawan (ulo, leeg, mga biyas, tiyan at dibdib) Ang lahat ng mga ito ay makakagawa sa katawan upang gumana at mapanatili ang kagalingan nito at ang mga serbisyo nito.

2. Ang kaluluwa, iyon ang may pananagutan para sa pagiisip, pagdadahilan, abstraksyon, pagtatanto, emosyon at damdamin. Ang salitang Griyego na ginamit para sa 'kaluluwa' dito ay 'Psuche', at may sumusunod na kahulugan : Ang hininga ng buhay, buhay ng mga tao, isang buhay na nilalang, isang kaluluwang nabubuhay, ang kaluluwa ; ang luklukan ng mga damdamin, hangarin, pagibig o pag ayaw. *Ang kaluluwa ay kakaiba mula sa katawan at hindi matutunaw sa pamamagitan ng kamatayan ; ang kaluluwa ay itinuturing na isang moral na nilalang na inianyo para sa walang hanggang buhay.*

Sa Kasulatan sa Lumang Tipan, ang kaluluwa ng tao ay binanggit din, ***"7 At nilalang ng Panginoong Dios ang tao sa alabok ng lupa, at hiningahan ang kaniyang mga butas ng ilong ng hininga ng buhay; at ang tao ay naging kaluluwang may buhay." (Genesis 2:7 KJV)*** Ang Hebrew salita para sa 'kaluluwa' ay 'nephesh' at inulit din ito sa ibang dako ng Kasulatan sa Lumang Tipan gaya ng sumusunod na mga halimbawa :

***"18 At nangyari, nang nalalagot ang kaniyang hininga (sapagka't namatay siya), ay kaniyang pinanganlang Benoni: datapuwa't pinanganlan ng kaniyang ama na Benjamin." (Genesis 35:18 KJV)*** Ang kaluluwa ni Rachel ay humiwalay habang namatay sa panahon ng panganganak sa kanyang pangalawang anak na lalaking si Benjamin. *Malinaw dito na ang kaluluwa ay hihiwalay mula sa katawan sa panahon ng kamatayan.*

***"21 At siya'y umunat sa bata na makaitlo, at dumaing sa Panginoon, at nagsabi, Oh Panginoon kong Dios, idinadalangin ko sa iyo na iyong pabalikin sa kaniya ang kaluluwa ng batang ito. 22 At dininig ng Panginoon ang tinig ni Elias; at ang kaluluwa ng bata ay bumalik sa kaniya, at siya'y muling nabuhay." (1 Hari 17:21-22 KJV)*** Dito makikita nating malinaw na si Elias ay nanalangin sa Dios para sa kaluluwa ng bata na ibalik sa kanya. Ang Pangioon ay nakinig sa panalangin ni Elias at ang kaluluwa ng bata ay bumalik muli sa kanya, at siya'y muling nabuhay.

'Psuche', ang Griyegong salita para sa kaluluwa sa Bagong Tipan ay inulit sa ibang dako sa Bagong Tipan gaya ng mga sumusunod na mga halimbawa :

***"25 Kaya nga sinasabi ko sa inyo, Huwag kayong mangabalisa sa inyong pamumuhay, kung ano baga ang inyong kakanin, o kung ano ang inyong iinumin; kahit ang sa inyong katawan, kung ano ang inyong daramtin. Hindi baga mahigit ang buhay kay sa pagkain, at ang katawan kay sa pananamit?" (Mateo 6:25 KJV)*** Dito ang salitang 'buhay' ay ginamit para sa 'kaluluwa'. Ang isa pang halimbawa ay ito: ***"28 At huwag kayong mangatakot sa mga nagsisipatay ng katawan, datapuwa't hindi nangakakapatay sa kaluluwa: kundi bagkus ang katakutan ninyo'y yaong makapupuksa sa kaluluwa at sa katawan sa impierno." (Mateo 10:28 KJV)*** Dito malinaw na sinasabi na kung ang isang kaluluwa ng tao ay mabubuhay sa kasalanan at itulak ang katawan na gumawa ng makasalanang mga bagay sa gayon lilipulin ng Dios ang kaluluwang iyon sa impierno.

Ang kaluluwa nang nangakasala ay mamatay gaya ng mababasa natin dito. ***"20 Ang kaluluwa na nagkakasala, mamamatay: ang anak ay hindi magdadanas ng kasamaan ng ama, o magdadanas man ang ama ng kasamaan ng anak; ang katuwiran ng matuwid ay sasa kaniya, at ang kasamaan ng masama ay sasa kaniya." (Ezekiel 18:20 KJV)*** Ngunit kapag ang kaluluwa ng tao ay nagsisi ay maliligtas mula sa kamatayan gaya ng mababasa natin dito, ***"27 Muli, pagka ang masama ay humihiwalay sa kaniyang kasamaan na kaniyang nagawa, at gumawa ng tapat at matuwid, kaniyang ililigtas na buhay ang kaniyang kaluluwa." (Ezekiel 18:27 KJV)***

*Ang Dios ay may kapangyarihang dalhin ang kaluluwa ng tao sa impierno, at may kapangyarihan na huwag hayaang ang kaluluwa ay mapunta sa impierno o pabayaan ito sa impierno*, ***"27 Muli, pagka ang masama ay humihiwalay sa kaniyang kasamaan na kaniyang nagawa, at gumawa ng tapat at matuwid, kaniyang ililigtas na buhay ang kaniyang kaluluwa. 31 Palibhasa'y nakikita na niya ito, ay nagsalita tungkol sa pagkabuhay***

***na maguli ng Cristo, na siya'y hindi pinabayaan sa Hades, ni ang kaniya mang katawan ay hindi nakakita ng kabulukan." (Mga Gawa 2:27, 31 KJV) "10 Sapagka't hindi mo iiwan ang aking kaluluwa sa Sheol; ni hindi mo man titiisin ang iyong banal ay makakita ng kabulukan." (Awit 16:10 KJV)***

***"25 Kaya nga sinasabi ko sa inyo, Huwag kayong mangabalisa sa inyong pamumuhay, kung ano baga ang inyong kakanin, o kung ano ang inyong iinumin; kahit ang sa inyong katawan, kung ano ang inyong daramtin. Hindi baga mahigit ang buhay kay sa pagkain, at ang katawan kay sa pananamit?" (Mateo 16:25 KJV)*** *Dito malinaw na sinasabi na ang kaluluwa ng tao ay maaring mawala kung ang tao ay magpapasya na iwanan ang Dios upang kamtan ang sanglibutan at ang mga materyal na mga bagay ng sanglibutan*.

*Ang Panginoon sa tiyak na pagkakataon ay sinasaway tayo upang magawa nating isuko ang mali nating mga pasya, ang ating maling paglakad at masasamang hakbang na nais natin pagdaanan*. Si Jesus ay nagbigay ng talinghaga sa mayamang haling sa pagtugon isang kahilingan mula sa mayamang lalaki na lumapit sa Kanya upang hilingin sa Kanya na hatiin ang mana sa kanyang kapatid. Ating basahin kung ano ang sinabi ng haling na mayaman at ano ang sagot ng Dios sa kanya: ***"19 At sasabihin ko sa aking kaluluwa, Kaluluwa, marami ka nang pag-aaring nakakamalig para sa maraming taon; magpahingalay ka, kumain ka, uminom ka, matuwa ka. 20 Datapuwa't sinabi sa kaniya ng Dios, Ikaw na haling, hihingin sa iyo sa gabing ito ang iyong kaluluwa; at ang mga bagay na inihanda mo, ay mapapa sa kanino kaya?" (Lucas 12:19-20 KJV)*** Dito ay malinaw na ang kaluluwa ng tao ay kakailanganin ng Dios; sa walang hanggan ang kaluluwa ng tao ay mabubuhay, sa langit man o sa impierno ayon sa pag-uugali ng tao.

***"26 Kung ang sinomang tao'y pumaparito sa akin, at hindi napopoot sa kaniyang sariling ama, at ina, at asawang babae, at mga anak, at mga kapatid na lalake, at mga kapatid na babae, oo, at pati sa kaniyang sariling buhay man, ay hindi siya maaaring maging alagad ko." (Lucas 14:26 KJV)*** *Nais ng Dios na lumapit tayo sa Kanya ng ganap, ibigin Siya nang higit kaysa ating kaluluwa at sa ating mga hilig o hangarin*. Ang salitang 'buhay' sa pahayag na ito "***at pati sa kanyang sariling buhay",*** ay 'kaluluwa'. Kaya nais ng Dios na ibigin natin Siya higit kaysa sa pagmamahal natin sa ating sariling kaluluwa.

Nais sa atin ng Panginoon na ibigin Siya ng buong kaluluwa natin, ***"37 At sinabi sa kaniya, Iibigin mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pagiisip mo." (Mateo 22:37 KJV)*** *Ang ating nararamdaman, damdamin, saloobin at mga hilig ay dapat sumabay sa Dios. Ating alalahanin ngayon na tayo'y nabubuhay para sa walang hanggan, kaya't gawin natin ang walang hanggang mga bagay*. Sa panahon ng panunumbalik sa panahon ng paghahari ni Haring Asa, hinanap ng mga tao ang Panginoon ng kanilang buong kaluluwa, ***"12 At sila'y pumasok sa tipan upang hanapin ang Panginoon, ang Dios ng kanilang mga magulang, ng kanilang buong puso, at ng kanilang buong kaluluwa." (2 Cronica 15:12 KJV)***

*Ang kaluluwa ay sentro na nilulusob ni Satanas at ng sanglibutan. Ang kaluluwa ang unang nagpapasan sa mga paglusob ng mga kaaway.* ***"38 Nang magkagayo'y sinabi niya sa kanila, Namamanglaw na lubha ang kaluluwa ko, hanggang sa kamatayan: mangatira kayo rito, at makipagpuyat sa akin." (Mateo 26:38 KJV)*** Si Jesus nang gabi na siya'y pinagtaksilan, ang Kanyang kaluluwa'y lubhang nagpasan ng kapanglawan. *Ang katulad sa atin ngayon, nang itinatalaga natin ang ating sarili sa plano ng Dios at nagtitiis sa kung anong nais ng Dios na kamitin natin, sa gayon makikita natin ang ating kaluluwa'y nagpapasan ng kapanglawan, dahil tayo ay tinututulan ni Satanás at ng ating laman.*

Kapag tayo ay nababagabag ng kapanglawan at kapag ito ay lampas sa kung ano ang maaari nating tiisin sa gayon ay maaari tayong tumawag sa Diyos at hilingin sa Kanya na iligtas tayo at tulungan tayo sa ating mga problema tulad ng ginawa ni Jesus dito ***"27 Ngayon ay nagugulumihanan ang aking kaluluwa; at ano ang aking sasabihin? Ama, iligtas mo ako sa oras na ito. Nguni't dahil dito ay naparito ako sa oras na ito." (Juan 12:27 KJV)*** Si Jesus ay umiyak sa Dios habang Siya ay dumadaan patungo sa krus, at tinulungan Siya ng Dios at ginawang posible para sa Kanya na dumaan sa masakit na krus, *Sa parehong paraan para sa atin, matutulungan natin ang ating mga kaluluwa na namimighati, nabibigatan, at sa sakit, upang manalangin at mamagitan sa Dios na didinig sa ating pagtangis sa Kanya at tutulungan Niya tayo na magtagumpay na dumaan sa masakit na mga pagsubok.*

*Gayundin ang kaluluwa ang dapat maging sentro upang dakilaan ang Dios at papurihan Siya para sa lahat ng lingap at biyaya na ibinibigay sa atin ng Dios, sa pagpapanatili sa atin, sa paglalaan sa atin, pag alalay sa atin, at pagliligtas sa atin mula sa lahat ng ating mga kaaway.* ***"46 At sinabi ni Maria, Dinadakila ng aking kaluluwa ang Panginoon," (Lucas 1:46 KJV)*** Ibibigay sa atin ng Dios ang mabubuting bagay at pagpapalain tayo ng mga himala, kagalingan, karunungan, kalutasan para sa mga suliranin, pagpapalaya, pagsagot sa ating mga panalangin, pag aaliw sa atin, pagtutuwid sa atin sa Kanyang kaliwanagan at kagalingan sa ating mga sugat. Bukod pa riyan ay ipapahintulot ng Dios sa ating kaluluwa na dumaan sa masasakit na karanasan na may mga trahedya at masakit na karanasan. Ang katulad kay Maria na dinakila ang Panginoon para sa bunga ng

kanyang sinapupunan, pagkatapos as panganganak kay Jesus, tinanggap din niya ang hula na sinabi sa kanya na mararanasan niya ang tabak na paglampas sa kanyang kaluluwa, ***"35 Oo at paglalampasanan ng isang tabak ang iyong sariling kaluluwa; upang mangahayag ang mga pagiisip ng maraming puso." (Lucas 2:25 KJV)*** Tunay na naganap nang nasaksihan niya ang pagpako kay Jesus habang siya ay nakatayo sa piling ng krus, ***"25 Ang mga bagay ngang ito ay ginawa ng mga kawal. Datapuwa't nangakatayo sa piling ng krus ni Jesus ang kaniyang ina, at ang kapatid ng kaniyang ina, na si Maria na asawa ni Cleopas, at si Maria Magdalena." (Juan 19:25 KJV)*** Inaliw ng Panginoon ang Kanyang ina, sinalita Niya sa kanya at hiniling sa isa sa Kanyang mga apostol na ingatan siya, ***"26 Pagkakita nga ni Jesus sa kanyang ina, at sa nakatayong alagad na kaniyang iniibig, ay sinabi niya sa kaniyang ina, Babae, narito, ang iyong anak! 27 Nang magkagayo'y sinabi niya sa alagad, Narito, ang iyong ina! At buhat nang oras na yaon ay tinanggap siya ng alagad sa kaniyang sariling tahanan." (Juan 19:26-27 KJV)*** Kinuha ng alagad ni Jesus siya patungo sa kanyang bahay, at inalagaan siya; hindi dahil wala siyang bahay o tahanan, kundi nangangailangan siya na magpapaliwanag sa kanya kung ano ang naganap. Siya ay nangangailangan ng pag aliw at payo, at para sa kanyang sugat ay gumaling. ** Ang ilang na masasakit na pagsubok na kailangan nating pagdaanan, may layunin ang Dios sa likod nito, at kailangan nating makinig sa kung anong layunin ng Dios at kung bakit ipinapahintulot Niya sa atin ang ganoong mga pangyayari. * Ang Dios din ang magbibigay sa atin ng kapaligiran at ang lugar na inihanda Niya sa atin upang mapanumbalik at maibalik.* Mabuting pansinin na tinanggap ni Maria ang tagubilin na ibinigay ni Jesus, na siya ay aalagaan ng apostol na iyon, isang lalaki sa gulang na malamang na mas bata sa kanya, at siya ay pinalipat sa ibang bahay. Ipinakumbaba ni Maria ang kanyang sarili at tinanggap na dumaan sa yugto ng pagpapayo at pangangalaga, ganap na batid na ang Dios, sa pamamagitan ni Jesus ay ibinibigay ang kanyang kailangan. Parehong, si Maria at ang alagad, ay naunawaan ang hiniling sa kanila ni Jesus, upang makipag ugnayan sa isa't isa, upang dalhin ang mabuting bunga na nais makita ng Dios sa buhay ng Kanyang simbahan. *Tayo bilang simbahan, at bilang mga manggagawa at sa paglilingkod kay Cristo dapat tayong maging senstibo sa sasabihin ni Jesus sa atin at kung ano ang idenedirikta Niya sa atin upang gawin at kumilos, upang ang mga tao ay gumaling, ang mga manggagawa ay mapanumbalik at ang mga ministerio ay matupad.*

Tunay, si Maria ay naging maayos, at mababasa natin sa aklat ng Mga Gawa na siya ay kasama ng kanyang mga anak kasama ng mga apostoles, at sila'y bahagi ng pagpupulong sa pananalangin, ***"14 Ang lahat ng mga ito'y nagsisipanatiling matibay na nangagkakaisa sa pananalangin na kasama ang mga babae, at si Maria na ina ni Jesus, at pati ng mga kapatid niya." (Mga Gawa 1:14 KJV)*** Si Maria ay nagpatuloy kasama ng mga apostol, siya ay nasa iisang pangkat kasama nila kumikilos sa plano ng Dios at sa kalooban ng Dios. Nagpapatotoo at ginagawa ang bahagi sa kung anong nangyayari sa buhay ng simbahan, Kahit sa ngayon ng Pentecoste, ***"1 At nang dumating nga ang araw ng Pentecostes, silang lahat ay nangagkakatipon sa isang dako." (Mga Gawa 2:1 KJV)*** At sila'y napuspos ng Banal na Espiritu. Si Maria bilang ipinakumbaba niya ang kanyang sarili at sumunod sa plano na itinagubilin ni Jesus upang maganap at tinanggap niyang pumunta at mamuhay sa bahay ng apostol na iyon, may magagandang bagay na nangyari sa kanyang buhay. Siya ay gumaling, ang iba niyang mga anak ay sumunod sa kanyang mabuting halimbawa, at sila'y naging bahagi ng simbahan, sila'y nagkaisa sa katawan ni Cristo, sila'y bahagi sa pagpupulong as pananalangin, at sila'y nagpapatotoo sa mga pangyayari at sa gagawin ng Dios sa Kanyang simbahan at sa huli tinanggap nila ang bautismo ng Banal na Espiritu.

**Ang kaluluwa ng tao ay isang mahalagang bahagi na kailangang mapanatili at panatilihn sa panahon ng mga pagsubok dahil ang kaluluwa ay bahagi ng tao na gagawang magpasya upang sumunod sa Dios. * Kaya sa mga pagsubok susubukan din ng diablo na hilahin ang kaluluwa palayo sa Dios sa pagdadagdag pa ng pangigipit nito. Kaya, kailangan natin tulungan ang mga dumadaan sa mahirap na panahon, sa pag unawa sa kanila at sa pagtulong sa kanila na batahin ang mga panggigipit na dinadala sa kanila hanggang makaahon sila sa kanilang mga pagsubok.*

Sa mga pagsubok ang ating pag-asa ay na kay Jesus at sa Kanyang mga pangako sa atin, ***"19 Na ating inaring tulad sa sinepete ng kaluluwa, isang pagasa na matibay at matatag at pumapasok sa nasa loob ng tabing;" (Hebreo 6:19)*** Habang binabasa natin ang Salita ng Dios at pinagbulayan ito, makakatiyak tayo tungkol sa gagawin ng Dios sa ating buhay, at sa mga pagsubok na nakapaloob tayo ay papatnubay sa atin tungo sa ating kaligtasan: ***"9 Na inyong tinatanggap ang layunin ng inyong pananampalataya, ang pagkaligtas ng inyong mga kaluluwa." (1 Pedro 1:9 KJV)***

Kahit sa hindi mga mananampalataya habang ipinapahayag ang Salita ng Dios ang kanilang kaluluwa ay mapapasauli, ***"7 Ang kautusan ng Panginoon ay sakdal, na nagsasauli ng kaluluwa: ang patotoo ng Panginoon ay tunay, na anagpapapantas sa hangal." (Awit 19:7 KJV) "12 Sapagka't ang salita ng Dios ay buhay, at mabisa, at matalas kay sa alin mang tabak na may dalawang talim, at bumabaon hanggang sa paghihiwalay ng kaluluwa at espiritu, ng mga kasukasuan at ng utak, at madaling kumilala ng mga pagiisip at mga haka ng puso." (Hebreo 4:12 KJV)*** Habang ang Salita ng Dios ay ipinangaral ang takot sa Dios ay maipagkakaloob sa kaluluwa ng mga tao gaya ng mababasa natin dito, ***"43 At ang takot ay dumating sa bawa't kaluluwa: at ginawa ang maraming kababalaghan at tanda sa pamamagitan ng mga apostol." (Mga Gawa 2:43 KJV)*** Ang mga kaluluwang hindi tumugon sa Salita ng Dios at nakinig sa mga tagubilin sila'y pupuksain,

***“23 At mangyayari, na ang bawa't kaluluwa na hindi makinig sa propetang yaon, ay pupuksaing lubos mula sa gitna ng bayan.” (Mga Gawa 3:23 KJV)*** *Ngunit ang Salita ng Dios ang manghihikayat sa mga mananampalataya, at ang kanilang kaluluwa ay palalakasin, at ang Salita ng Dios ay bibigyan sila ng katibayan sa kanilang pinagdaanan at sa kanilang kapighatian mula sa kanilang daan papasok sa Kaharian ng Dios.* ***“22 Na pinatitibay ang mga kaluluwa ng mga alagad, at inaaralan sila na magsipanatili sa pananampalataya, at sa pamamagitan ng maraming mga kapighatian ay kinakailangang magsipasok tayo sa kaharian ng Dios.” (Mga Gawa 14:22 KJV)***

***Sa aking mahal at minamahal:*** Sinabi ni David ***“3 Kaniyang pinapananauli ang aking kaluluwa: pinapatnubayan niya ako sa mga landas ng katuwiran alangalang sa kaniyang pangalan.” (Awit 23:3 KJV)*** Ngayon gaya ng ating naunawaan ang mensahe sa atin. Tayo ay lumapit sa Dios sa pagsisisi sa paghanap sa Kanya ng buong kalakasan natin, ng buong puso natin at ng buong kaluluwa natin. ***“30 At iibigin mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pagiisip mo, at ng buong lakas mo.” (Marcos 12:30 KJV)*** Tayo ay tumawag sa Dios at hilingin sa Kanya na iligtas tayo mula sa lahat ng mga pagsubok at kapighatian. Ating hilingin sa Kanya na panumbalikin ang ating kaluluwa at pagalingin ang ating mga puso. Ibigay natin ang buong pagtitiwala sa Kanya, pagtitiwala sa Kanyang banal na pangalan, sa Kanyang Salita at sa Kanyang mga pangako.

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios, Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat para sa iyong Salita na naging malinaw ang mga bagay sa akin at nagawa kong maunawaan ang iyong mga landas.*

*Ipahayag natin at talikdan ang ating mga kasalanan, Panginoon ako'y nagsisisi mula sa aking mga kasalanan ______________________.*

*Panginoon ipinangako ko ang aking sarili sa iyong kamay. Panginoon aliwin mo ako at panauliin ang aking kaluluwa. Panginoon tulungan mo akong lampasan ang pagsubok na ito na aking pinagdaraanan ______________________.*

*Panginoon bigyan mo ako ng kahinahunan at pagtitiis upang ako'y manindigang matatag hanggang sa huli. Panginoon protektahan mo ako at ibigay ang aking pangangailangan.*

*Panginoon magsalita ka sa akin, handa akong maglingkod sa iyo at magmalasakit sa iba na nangangailangan ng aking mga kamay at pangangalaga. Panginoon magsalita ka sa akin kung anong kailangan kong gawin sa kanila upang sila'y gumaling at mapanauli upang paglingkuran ka.*

*Panginoon pagpalain ang aking mga kapatid na lumapit sa iyo. Panginoon puspusin sila ng Banal na Espiritu at ibigay sa kanila ang mga kaloob ng Banal na Espiritu na kailangan nila sa kanilang buhay upang yumaon at maglingkod sa iyo. Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan at tulungan kaming pumaroon at magtanim ng bagong pag-aaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami at palawakin ang aming lupain sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com